



Kayo ba ay magbibiyaha palabas ng Australya?

Mga kabayaran habang nasa labas ng Australya

Para matanggap ang inyong mga kabayaran o kard ng konsesyon habang nasa labas ng Australya, dapat ay patuloy ninyong natutugon ang mga kinakailangan para maging marapat sa bawat bayad o konsesyon ng kard.

Depende na sa inyong mga kabayaran o konsesyon kard, may mga batas tungkol sa pagbibiyaha palabas ng Australya ang makakaapekto sa inyo. Kapag umalis kayo ng Australya, ang inyong mga kabayaran o konsesyon kard ay maaaring magbago o tumigil ang bayad batay sa mga batas na ito. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga kabayaran at konsesyon kard habang kayo ay nasa ibang bansa, bisitahin ang humanservices.gov.au/paymentsoverseas

I-tsek ang website bago pa kayo magbiyahe o tawagan kami sa **131 202** upang may makausap sa inyong wika nang tungkol sa inyong natatanging mga kalagayan.

Sabihin sa amin ang tungkol sa mga pagbabago ng inyong mga kalagayan

Napakamahalaga na ipapaalam ninyo sa amin ang anumang pagbabago sa inyong kalagayan na normal na makakaapekto sa inyong mga kabayaran o konsesyon kard habang nasa ibayong dagat katulad ng dating gawi habang kayo ay nasa Australya. Halimbawa, kailangang sabihin ninyo sa amin kung may pagbabago sa kalagayan ng inyong pakikipagrelasyon.

Paano ninyo sasabihin sa amin ang tungkol sa inyong pagbibiyaha

Ang pinakamadaling paraan para sabihin ninyo sa amin ang tungkol sa inyong mga plano sa pagbibiyaha ay ang paggamit ng inyong Centrelink online account sa pamamagitan ng myGov. Maaari kayong magdagdag, tingnan, i-update at tanggalin ang mga detalye ng inyong pagbibiyaha sa ibayong dagat sa pamamagitan ng 'online' kahit na anumang oras.

Magparehistro para sa isang Centrelink online na account sa pamamagitan ng myGov bago kayo lumabas ng Australya para madali ninyong masabi sa amin ang tungkol sa mga plano ninyo sa pagbibiyaha at ma-access ang inyong mga sulat at iba pang mga serbisyo sa online habang kayo ay nagbibiyaha.

Ang kagawaran ng imigrasyon ng Australya ay magpapayo rin sa amin kapag lumabas kayo ng Australya.

Kung wala pa kayong account ng myGov, maglikha ng isang myGov na account sa my.gov.au at ikabit ang Centrelink sa inyong myGov na account sa pamamagitan ng pagpili ng 'Services' at pagkatapos ay i-link ang icon(simbolo) katabi ng Centrelink. Maaaring kailangang sagutin ninyo ang ilang mga katanungan para mai-link namin ang tamang record sa inyong myGov na account.

Kung pinili ninyong i-rehistro ang inyong numero ng mobile sa myGov, tiyaking makakatanggap kayo ng mga mensahe sa numerong yaon habang kayo ay nasa ibayong dagat.

Pag-a-access ng Medicare habang nasa labas ng Australya

Hindi ninyo maa-access ang mga serbisyo ng Medicare habang nasa ibayong dagat. Kung kayo ay nagkasakit, maaaring kailangang bayaran ninyo ang lahat ng pagpapagamot. Kung mayroong nakatalagang Reciprocal Health Care Agreement sa bansang inyong pupuntahan, maaaring hindi ninyo kailangang bayaran ang ilang mga bagay. Itong mga kasunduang ito ay sumasaklaw sa gastusin sa ilang mga bansa para sa mahahalagang pagpapagamot ng mga residenteng Australyano na nagbibiyaha, at hindi ito dinesenyo para pumalit sa paseguro sa pagbibiyaha ng pangpribadong kalusugan para sa pagbibiyaha sa ibayong dagat.

Kung kayo ay tutungo sa isang bansang may kasunduan sa Australya, dalhin ang inyong kasalukuyang kard ng Medicare. Pagkatapos, kung kailangan ninyo ng pagpapagamot, mapapadali ang pagpoproseso.

Para sa karagdagang impormasyon, tungkol sa Reciprocal Health Care Agreements, pati na kung ang Australya ay mayroong kasunduan sa bansang inyong pupuntahan, bisitahin ang humanservices.gov.au/rhca

Ang pagdadala o pagpapadala sa ibayong dagat ng inyong mga gamot

Hindi legal ang pagdadala o pagpapadala ng mga gamot na nasa Pharmaceutical Benefits Scheme palabas ng Australya na alinman sa pangpersonal na gamit o gamit ng ibang taong kasama ninyo sa pagbibiyaha.

Matatagpuan ninyo ang pinakabagong impormasyon tungkol sa inyong mga bayad at mga serbisyo habang nasa ibayong dagat, pati na ang tungkol sa Medicare, sa humanservices.gov.au/australiansoverseas

I-tsek ang website bago pa kayo magbiyahe o tumawag sa **131 450** (TIS National) para makausap kami sa inyong wika tungkol sa Medicare at ang pagdadala ng mga gamot sa ibayong dagat.

Para sa karagdagang impormasyon:

- puntahan ang humanservices.gov.au/yourlanguage na kung saan mababasa ninyo, makinig o manood ng mga video na may impormasyon sa wikang Tagalog
- tumawag sa **131 202** para makausap kami sa inyong wika tungkol sa mga bayad at serbisyo ng Centrelink
- tumawag sa **131 450** (TIS National) para makausap kami sa inyong wika tungkol sa mga bayad at serbisyo ng Medicare at Child Support
- bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

Tandaan: ang mga gastos sa tawag mula sa inyong bahay sa numerong umpisa sa 13 kahit sa alinmang lugar sa Australya ay nasa halaga ng isang lokal na tawag. Ang mga singilan ay maaaring mag-iba depende na sa tagapagbigay ng serbisyo sa telepono, at maaaring mas mataas ang singilan sa mga teleponong mobile.

Pagtatatwa

Tama ang impormasyon sa pahina ng katunayang ito mula nitong April 2016.



Are you travelling outside Australia?

Payments while outside Australia

To get your payments or concession card while outside Australia, you must continue to meet the eligibility requirements for each payment or concession card.

Depending on your payments or concession card, there are different rules on how travelling outside Australia may affect you. When you leave Australia, your payments or concession cards may change or even stop based on these rules. For the most up-to-date information about payments and concession cards while you are overseas visit humanservices.gov.au/paymentsoverseas

Check the website before you travel or call us on **131 202** to speak to someone in your language about your specific circumstances.

Tell us about changes to your circumstances

It is important that you advise us of any change to your circumstances that would normally affect your payments or concession card while you are overseas, as you would if you were in Australia. For example, you need to tell us if there are changes to your relationship status.

How to tell us about your travel

The easiest way to tell us about your travel plans is to use your Centrelink online account through myGov. You can add, view, update and remove your overseas travel details online at any time.

Register for a Centrelink online account through myGov before you leave Australia so you can easily tell us about your travel plans and access your letters and other services online while you are away.

Australia's immigration department will also advise us when you leave Australia.

If you don't have a myGov account already, create a myGov account at my.gov.au and link Centrelink to your myGov account by selecting 'Services' and then the link icon next to Centrelink. You may need to answer some questions so we link the correct record to your myGov account.

If you choose to register your mobile number with myGov, make sure you can receive messages from this number while overseas.

Accessing Medicare while outside Australia

You will not be able to access Medicare services while overseas. If you get sick, you may have to pay for all your medical treatment. If there is a Reciprocal Health Care Agreement in place with the country you're going to, you might not have to pay for some things. These agreements cover the cost of essential medical treatment for Australian residents travelling in some countries, and are not designed to replace private travel health insurance for overseas travel.

If you are going to a country with an agreement, take your current Medicare card with you. Then, if you need medical treatment, it can make the process easier.

For more information about Reciprocal Health Care Agreements, including if Australia has one with the country you are travelling to, visit humanservices.gov.au/rhca

Taking or sending your medicines overseas

It is illegal to take or send Pharmaceutical Benefits Scheme medicines out of Australia that are not either for your personal use or the use of someone travelling with you.

You will find the most up-to-date information about our payments and services while overseas, including Medicare, on humanservices.gov.au/australiansoverseas

Check the website before you travel or call **131 450** (TIS National) to speak to us in your language about Medicare and taking medicines overseas.

For more information:

- go to humanservices.gov.au/yourlanguage where you can read about, listen to or watch videos with information in your language
- call **131 202** to speak to us in your language about Centrelink payments and services
- call **131 450** (TIS National) to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services
- visit a service centre.

Note: call costs from your home phone to a 13 number from anywhere in Australia are the cost of a local call. Charges may vary depending on the telephone service provider, and mobiles may incur a higher charge.

Disclaimer

Information in this factsheet is accurate as at April 2016.